

# Tagalog – Disney Terms of Use

[Home](#) / Tagalog – Disney Terms of Use

## **Mga Tuntunin sa Paggamit**

Huling binago 10 Hulyo 2014

Malugod na ibinibigay ng Disney Interactive ang mga site, software, application, nilalaman, produkto at serbisyo nito (“Mga Serbisyo ng Disney”), na maaaring may brand na Disney, ABC, ESPN, Marvel, Lucasfilm, Club Penguin, Playdom o isa pang brand na pagmamay-ari o may lisensya ng The Walt Disney Company. Pinamamahalaan ng mga tuntuning ito ang iyong paggamit at ang aming probisyon ng Mga Serbisyo ng Disney kung saan naka-post ang mga tuntuning ito, pati na rin sa Mga Serbisyo ng Disney na siyang ginagawa naming available sa mga third party site at platform kung ibinubunyag sa iyo ang mga tuntuning ito kaugnay ng iyong paggamit sa Mga Serbisyo ng Disney. PAKIBASA NANG MABUTI ANG MGA TUNTUNING ITO BAGO GAMITIN ANG MGA SERBISYO NG DISNEY.

ANUMANG HINDI PAGKAKAUNAWAAN SA PAGITAN NATIN AY DAPAT MARESOLBA SA PAMAMAGITAN NG ARBITRASYON NA MAY BISA. PAKI BASA ANG PROBISYON NG ARBITRASYON SA MGA TUNTUNING ITO DAHIL NAAPEKTUHAN NITO ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG KONTRATANG ITO.

WALA SA MGA TUNTUNING ITO ANG NILAYON UPANG MAAPEKTUHAN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG BATAS SA IYONG KARANIWANG LUGAR NG TIRAHAN. KUNG MAY SALUNGATAN SA PAGITAN NG MGA KARAPATANG IYON AT NG MGA TUNTUNING ITO, MANGINGIBABAW ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG NAAANGKOP NA LOKAL NA BATAS.

### **1. Kontrata sa pagitan Natin**

Ito ay isang kontrata sa pagitan mo at ng Disney Interactive, isang korporasyon sa California na nasa 500 South Buena Vista Street, Burbank, California 91521, USA, o sa pagitan mo at ng service provider na tinukoy para sa partikular na Serbisyo ng Disney, kung iba. Dapat mong basahin at dapat kang sumang-ayon sa mga tuntuning ito bago gamitin ang Mga Serbisyo ng Disney. Kung hindi ka sumasang-ayon, hindi mo maaaring gamitin ang Mga Serbisyo ng Disney. Inilalarawan ng mga tuntuning ito ang limitadong batayan kung saan available ang Mga Serbisyo ng Disney. Ang mga tuntuning ito ay mangingibabaw sa mga naunang kasunduan o pag-aayos.

Maaaring malapat ang mga karagdagang tuntunin at kundisyon sa ilang Serbisyo ng Disney, gaya ng mga panuntunan para sa partikular na kumpetisyon, serbisyo o iba pang aktibidad, o mga tuntuning maaaring may kasamang ilang partikular na nilalaman o software na naa-access sa pamamagitan ng Mga Serbisyo ng Disney. Ibubunyag sa iyo ang mga karagdagang tuntunin at kundisyon kaugnay sa naaangkop na kumpetisyon, serbisyo o aktibidad. Ang anumang mga

karagdagang tuntunin at kundisyon ay karagdagan sa mga tuntuning ito, at sakaling may salungatan, mangingibabaw ang mga tuntuning ito.

Maaari naming baguhin ang mga tuntuning ito. Ang anumang nasabing pagbabago ay magkakabisa tatlung (30) araw kasunod ng paglalabas namin ng abiso sa iyo o pag-post namin ng pagbabago sa Mga Serbisyo ng Disney. Kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang pagbabago sa mga tuntuning ito, hindi mo dapat ipagpatuloy ang paggamit sa Mga Serbisyo ng Disney. Hindi pinapahintulutan ang aming mga kinatawan ng customer service na magbago ng anumang probisyon sa mga tuntuning ito, sinasabi man o nakasulat man.

Maaari naming agad na wakasan ang kontrata namin sa iyo (kasama ang iyong access sa Mga Serbisyo ng Disney) kung nabigo kang sumunod sa anumang probisyon sa mga tuntuning ito.

## **2. Ang Mga Serbisyo ng Disney**

Ang Mga Serbisyo ng Disney ay para sa iyong personal at hindi pangkomersyal na paggamit at nilalayon para sa mga layunin ng pagbibigay impormasyon at entertainment lang. Hindi binubuo ng payong legal, pinansyal, propesyunal, medikal o pangangalaga sa kalusugan o pang-diagnose ang mga ito at hindi maaaring gamitin sa mga nasabing layunin. Upang masuportahan ang maayos na pagpapagana ng Mga Serbisyo ng Disney sa lahat ng heyograpikong lugar, maaaring i-simulate ang mga aspeto ng ilang partikular na aktibidad, gaya ng laro, upang maiwasan ang mga antala.

Ang copyright sa Mga Serbisyo ng Disney ay aming pagmamay-ari o ang pagmamay-ari ng mga naglisensya sa amin o ng mga binibigyan namin ng lisensya, at ang lahat ng trademark, service mark, trade mark, trade dress at iba pang karapatang intelektwal sa Mga Serbisyo ng Disney ay pagmamay-ari namin o ng mga naglisensya sa amin o ng mga binibigyan namin ng lisensya. Maliban sa mapapagkasunduan natin sa isang kasulatan, walang elemento ng Mga Serbisyo ng Disney ang maaaring gamitin o samantalain sa anumang paraan maliban bilang bahagi ng Mga Serbisyo ng Disney na inalok sa iyo. Maaaring maging pagmamay-ari mo ang pisikal na media kung saan ihinatid sa iyo ang mga elemento ng Mga Serbisyo ng Disney, ngunit mananatiling buo at kumpletong ang pagmamay-ari namin sa Mga Serbisyo ng Disney. Hindi kami naglilipat sa iyo ng titulo ng anumang bahagi sa Mga Serbisyo ng Disney.

### Lisensya ng Nilalaman at Software

Kung na-configure ang Serbisyo ng Disney upang mapagana ang paggamit ng software, nilalaman, mga virtual na item o iba pang materyales na pagmamay-ari o binigyan namin ng lisensya, binibigyan ka namin ng limitado, hindi eksklusibo, hindi nasa-sublicense at hindi naililipat na lisensya upang ma-access at magamit ang nasabing software, nilalaman, virtual na item o iba pang materyales para sa iyong personal at hindi pangkomersyal na paggamit lamang.

Hindi mo maaaring lusutan o hindi paganahin ang anumang systema na nagpoprotekta sa nilalaman o teknolohiya na namamahala sa mga digital na karapatan na ginagamit sa anumang Serbisyo ng Disney; i-decompile, i-reverse engineer, i-disassemble o kahit na bawasan ang anumang Serbisyo ng Disney sa isang anyong nababasa ng tao; mag-alis ng pagkakakilanlan,

mga abiso ukol sa copyright o iba pang pagmamay-ari; o mag-access o gumamit ng anumang Serbisyo ng Disney sa isang hindi makatarungan o walang pahintulot na paraan o sa paraang nagmumungkahi ng kaugnayan sa aming mga produkto, serbisyo o mga brand. Hindi ka maaaring mag-access o gumamit ng anumang Serbisyo ng Disney nang labag sa mga kontrol na pinapairal ng Estados Unidos ukol sa export at mga [kinakailangan](#) ukol sa kapahintulatang pang-ekonomiya. Sa pamamagitan ng pagkuha ng mga serbisyo, nilalaman o software sa pamamagitan ng Mga Serbisyo ng Disney, kinakatawan at tinitiyak mo na ang iyong access sa at paggamit ng mga serbisyo, nilalaman o software ay susunod sa mga rekisitong iyon.

### Mga Pagwawaksi at Limitasyon sa Pananagutan

ANG MGA SERBISYO NG DISNEY AY IBINIBIGAY NANG “AS IS” AT “AS AVAILABLE.” WINAWAKSI NAMIN ANG LAHAT NG KUNDISYON, PAGKATAWAN AT WARRANTY NA HINDI HAYAGANG ITINATAKDA SA MGA TUNTUNING ITO.

HINDI KAMI MANANAGOT SA IYO PARA SA MGA PINSALANG INDIRECT, NAGKATAON, ESPESYAL O KAHIHINATNAN, KABILANG ANG MGA KAWALAN NG KITA AT PINSALA SA PAGMAMAY-ARI, KAHIT NA PINAYUHAN KAMI NG POSIBILIDAD NG MGA NASABING PINSALA, O MANANAGOT PARA SA PAGGANAP NA NAANTALA O NABIGO NA NAGRERESULTA MULA SA MGA DAHILANG WALA SA AMING MAKATUWIRANG PAGKONTROL. HINDI KAILANMAN MAGKAKARON NG PAGKAKATAON NA ANG AMING KABUUANG PANANAGUTAN SA IYO PARA SA LAHAT NG PINSALA, KAWALAN AT CAUSE OF ACTION AY LALAGPAS SA ISANG LIBONG U.S. DOLLAR (US \$1,000).

ANG MGA PAGWAWAKSI AT LIMITASYONG ITO AY HINDI NAKAKAAPEKTO SA IYONG MGA KARAPATAN BILANG MAMIMILI O NAGKAKATAWANG LIMITAHAN ANG PANANAGUTAN NA HINDI MAAARING MAIBUKOD SA ILALIM NG BATAS SA IYONG KARANIWANG LUGAR NG TIRAHAN.

### Mga Pagbabago sa Mga Serbisyo ng Disney

Palaging nagbabago at magbabago sa paglipas ng panahon ang Mga Serbisyo ng Disney. Kung gagawa kami ng pagbabago na materyal sa Mga Serbisyo ng Disney, bibigyan ka namin ng makatuwirang abiso at may karapatan kang wakasan ang kontratang ito.

### Mga Karagdagang Paghihigpit sa Paggamit ng Mga Serbisyo ng Disney

Hindi namin pinapayagan ang mga paggamit sa Mga Serbisyo ng Disney na kaugnay sa komersyal o negosyo, o nag-a-advertise o nag-aalok upang magbenta ng mga produkto o serbisyo (para sa kita o hindi), o mag-solicit sa iba (kabilang ang mga pag-solicit para sa mga kontribusyon o donasyon). Sumasang-ayon ka na hindi mo sasadyain o hindi mo papabayaang malagyan ng virus o iba pang nakakahamak na bahagi, o kung hindi man ay baguhin, wasakin o sirain ang anumang Serbisyo ng Disney o kaugnay na network, o mag-interfere sa paggamit o pagtamasa ng sinumang tao o entity sa anumang Serbisyo ng Disney. Sumasang-ayon kang hindi gagamit ng anumang software o device na nagpapahintulot ng anumang automated gameplay,

expedited gameplay, o iba pang manipulasyon ng gameplay o game client at sumasang-ayon ka na hindi mandadaya o kung hindi man ay gagawa ng modipikasyon sa Serbisyo ng Disney o karanasan sa paglalaro upang lumikha ng advantage para sa isang user higit sa iba. Bukod pa dito, sumasang-ayon kang hindi mag-a-access, susubaybay o kokopya, o pahihintulutan ang ibang tao o entity na mag-access, sumubaybay o kumopya ng anumang elemento sa Mga Serbisyo ng Disney gamit ang isang robot, spider, scraper o iba pang mga automated na paraan o manu-manong proseso nang walang nakasulat na pahintulot namin.

### Mga Serbisyo at Nilalaman ng Third-Party

Maaaring magsama, maisama, o maibigay ang Mga Serbisyo ng Disney kaugnay sa mga serbisyo at nilalaman ng third-party. Hindi naming kinokontrol ang mga serbisyo at nilalaman ng third-party na iyon. Dapat mong basahin ang mga kasunduan sa tuntunin sa paggamit at patakaran sa privacy na nalalapat sa mga nasabing serbisyo at nilalaman ng third-party.

Kung mag-access ka ng Serbisyo ng Disney gamit ang device na pinapagana ng Apple iOS, Android o Microsoft Windows o Microsoft Xbox One, ang Apple Inc., Google, Inc. o Microsoft Corporation, ay magiging third-party beneficiary sa kontratang ito. Gayunpaman, ang mga third-party beneficiary na ito ay hindi mabibilang na party sa kontratang ito at hindi sila responsable para sa probisyon o suporta sa Mga Serbisyo ng Disney. Sumasang-ayon ka na ang iyong access sa Mga Serbisyo ng Disney gamit ang mga device na ito ay sasailalim sa mga tuntunin sa paggamit na itinakda sa mga naaangkop na tuntunin sa serbisyo ng third-party beneficiary.

### Mga Mobile Network

Kapag na-access mo ang Mga Serbisyo ng Disney sa pamamagitan ng mobile network, ang pagmemensahe ng iyong network o roaming provider ay makakalapat ng data at iba pang mga rate at fees na dapat bayarin. Ang pag-download, pag-install o paggamit ng ilang partikular na Mga Serbisyo ng Disney ay maaaring ipagbawal o paghigpitan ng iyong network provider at maaaring hindi gumana sa iyong network provider o device ang lahat ng Serbisyo ng Disney.

## **3. Ang Iyong Nilalaman at Account**

### Nilalamang Binuo ng User

Maaari kang payagan ng Mga Serbisyo ng Disney na makipag-ugnayan, magsumite, mag-upload o kung hindi man ay gawing available ang teksto, mga larawan, audio, video, entry sa kumpetisyon o iba pang nilalaman (“Nilalamang Binuo ng User”), na maaaring naa-access at natitingnan ng publiko. Maaaring sumailalim ang access sa mga tampok na ito sa mga restriksiyong ukol sa edad. Hindi ka maaaring magsumite o mag-upload ng Nilalamang Binuo ng User na mapanlait, nakakapanakot, nakakahamak, mapanghati, mapoot, marahas, bulgar, bastos, naglalaman ng pornograpiya, o kung hindi man ay nakakahamak o nakakasakit o maaaring makahamak o makasakit sa anumang tao o entity, pinoprotektahan man o hindi ng batas ang ganoong materyal.

Hindi namin inaangkin ang pagmamay-ari sa iyong Nilalamang Binuo ng User; gayunpaman, binibigyan mo kami ng isang hindi eksklusibo, maaaring i-sublicense, hindi nababawi at walang royalty na lisensya sa buong mundo sa ilalim ng lahat ng karapatan sa copyright, trademark, patent, lihim sa pangangalakal, privacy at karapatang gawing pampubliko at iba pang mga karapatang intelektwal upang gamitin, paramihin, ipadala, i-print, i-publish, pampublikong ipakita, i-exhibit, i-distribute, i-redistribute, kopyahin, i-index, komentuhan, baguhin, iangkop, isalin, pagbatayan ng paglikha ng mga hinangong gawa, pampublikong isagawa, gawing available at kung hindi man ay gamitin nang husto ang ganoong Nilalamang Binuo ng User, nang buo o bahagi man, sa lahat ng format at channel ng media na kilala ngayon o gagawin pa lang (kasama ang kaugnay ng Mga Serbisyo ng Disney at sa mga site at platform ng third-party gaya ng Facebook, YouTube at Twitter), ilan man ang kopya at nang walang limitasyon ukol sa panahon, paraan at dalas ng paggamit, nang walang abiso sa iyo, may pagpapatungkol man o wala, at nang walang kinakailangang pahintulot mo o bayad sa iyo o sa kaninumang tao o entity.

Kinakatawan mo at wina-warrant mo na ang iyong Nilalamang Binuo ng User ay tumutugon sa mga tuntuning ito at ikaw ang may-ari o may mga kinakailangang karapatan at pahintulot, nang hindi nangangailangan ng bayad sa kaninomang ibang tao o entity, na gamitin at pagsamantalahan, at pahintulutan kaming gamitin at pagsamantalahan, ang iyong Nilalamang Binuo ng User sa lahat ng mga paraang pinag-isipan ng mga tuntuning ito. Sumasang-ayon kang magbayad-pinsala at hindi kami at aming subsidiary at mga kasaping kompanya, at bawat nauukol na empleyado at opisyal nila, pananagutin mula sa anumang mga paghahabol, kawalan, pananagutan, paghiling o mga gastos (kasama ang mga bayad sa abogado), na ginawa laban sa amin ng alinmang third party na nagmula o konektado sa paggamit namin at pagsasamantala sa iyong Nilalamang Binuo ng User. Sumasang-ayon ka ring huwag magsulong ng anumang mga moral, pantulong o kaparehong karapatan sa o patungkol sa Nilalamang Binuo ng User laban sa amin o sa aming mga tagapaglisensya, tagapamahagi, ahente, kinatawan at iba pang mga pinapahintulutang user, at sumasang-ayon kang kumuha ng parehong kasunduan mula sa iba na maaaring may mga ganoong karapatan.

Sa sukdulang pinapahintulutan ka naming lumikha, mag-post, mag-upload, mamahagi, pampublikong magpakita o pampublikong magsagawa ng Nilalamang Binuo ng User na kinakailangang gumamit ng aming mga na-copyright na gawa, binibigyan ka namin ng isang hindi eksklusibong lisensya upang lumikha ng isang hinangong gawa gamit ang aming mga na-copyright na gawa para sa layuning makapaglikha ng mga materyales, sa kondisyong ang lisensyang iyon ay aming binibigay basta't i-assign mo sa amin ang lahat ng karapatan mo sa likha na iyong gagawin. Kung hindi nakatakda sa amin ang mga nasabing karapatan, mawawalan ng bisa ang iyong lisensyang lumikha ng mga hinangong gawa gamit ang aming mga na-copyright na gawa.

May karapatan kami ngunit wala kaming obligasyong subaybayan, i-screen, i-post, alisin, baguhin, iimbak at suriin ang Nilalamang Binuo ng User o mga komunikasyong ipinadala sa pamamagitan ng Serbisyo ng Disney, sa anumang oras at sa anumang dahilan, kasama ang pagtiyak na sumusunod ang Nilalamang Binuo ng User o komunikasyon sa mga tuntuning ito, nang walang paunang abiso sa iyo. Hindi kami mananagot sa, at hindi kami mag-e-endorso o magagarantiya ng, mga opinyon, pananaw, payo o rekomendasyon na na-post o ipinadala ng mga user.

## Mga Account

Pinapahintulutan ka o hinihiling sa iyo ng ilang Serbisyo ng Disney na lumikha ng isang account upang lumahok o kumuha ng mga karagdagang benepisyo. Sumasang-ayon kang magbigay at magpanatili ng tumpak, napapanahon at kumpletong impormasyon, kasama ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnay para sa mga abiso at iba pang komunikasyon mula sa amin at ang iyong impormasyon sa pagbabayad. Sumasang-ayon kang hindi magpapanggap o magbigay ng maling kakatawanin sa iyong kaugnayan sa sinumang tao o entity, kasama ang paggamit ng username, password o iba pang impormasyon ng account ng isa pang tao, o pangalan o pagkakilanlan ng isa pang tao, o magbibigay ng mga maling detalye para sa isang magulang o tagapag-alaga. Sumasang-ayon ka na maaari kaming magsagawa ng mga hakbang upang mapatunayan ang katumpakan ng ibinigay mong impormasyon, kasama ang impormasyon sa contact para sa magulang o tagapag-alaga.

Iniakma namin at ipinatupad ang isang patakaran na para sa pagwawakas ng mga account ng mga user na paulit-ulit na lumalabag sa copyright, sa mga naaangkop na pangyayari. Bilang karagdagan, maaari naming suspindehin o wakasan ang iyong account at ang iyong kakayahang magamit ang Mga Serbisyo ng Disney kung kasangkot ka, nanghihikayat o nagmumungkahi ng hindi legal na kilos, o kung nabigo kang sumunod sa mga tuntuning ito o sa anumang mga karagdagang tuntunin.

## Mga Password at Seguridad

Responsibilidad mong gumawa ng mga makatwirang hakbang upang panatiliin ang pagiging kumpidensyal ng iyong username at password, at responsibilidad mo ang lahat ng aktibidad sa ilalim ng iyong account na maaari mong makontrol. Sumasang-ayon kang agad kaming aabisuhan ng anumang hindi pinapahintulutang paggamit ng iyong username, password o iba pang impormasyon ng iyong account, o anumang iba pang paglabag sa seguridad na malalaman mo na kaugnay sa iyong account o sa Mga Serbisyo ng Disney.

Lubos na mahalaga sa amin ang seguridad, integridad at pagiging kumpidensyal ng iyong impormasyon. Nagsagawa kami ng mga teknikal, pang-administratibo at pisikal na panseguridad na hakbang na idinisenyo upang protektahan ang iyong impormasyon mula sa hindi pinapahintulutang pag-access, pagbubunyag, paggamit at pagbabago.

## **4. Mga Binabayarang Transaksyon**

### Pagkakakilanlan ng Nagbebenta

Ang mga pagbebenta ay ginagawa ng Disney Interactive o ng tinukoy na nagbebenta sa panahon ng pagbebenta, kung naiiba. Kung may mga tanong ka tungkol sa iyong order, mangyaring makipag-ugnayan sa nagbebenta sa ibinigay na address at tutulungan ka nila. Pinapagana ng mga third party ang ilang storefront sa Mga Serbisyo ng Disney at, sa sitwasyong iyon, maaaring may malapat na iba o karagdagang mga tuntunin sa pagbebenta na dapat mong basahin kapag ibinigay sa iyo ang mga ito.

## Digital na Nilalaman at Mga Virtual na Item

Maaari naming gawing available para sa iyo sa Mga Serbisyo ng Disney ang mga application, games, software o iba pang digital na nilalaman na puede mong malisenya para sa isang beses na bayarin. Kapag bumibili ng lisensya upang ma-access ang nasabing materyales mula sa Serbisyo ng Disney, ibubunyag sa iyo sa Serbisyo ng Disney ang mga pagsingil bago mo makumpleto ang pagbili ng lisensya.

Ang iyong pagbili ng virtual na item o in-game currency ay isang pagbabayad para sa isang limitado at hindi naitatalagang lisensya upang ma-access at magamit ang nasabing nilalaman o pagpapagana sa Mga Serbisyo ng Disney. Ang mga virtual na item (kasama ang mga character at pangalan ng character) o in-game currency na nabili o available sa iyo sa Mga Serbisyo ng Disney ay magagamit lang kaugnay sa Mga Serbisyo ng Disney kung saan mo nakuha ang mga ito o kung saan mo na-develop ang mga ito bilang resulta ng gameplay. Ang mga item na ito ay hindi nare-redeem o napapailalim sa refund at hindi maaaring maipagpalit sa labas ng Mga Serbisyo ng Disney para sa pera o iba pang mga item para sa halaga. Maaari namin baguhin o hindi ipagpatuloy ang mga virtual na item o pera sa laro anumang oras.

## Mga Subscription

Nangangailangan ang ilang Serbisyo ng Disney ng mga binabayaranang subscription upang makapag-access. Sa pamamagitan ng pag-sign up para sa isang subscription, sumasang-ayon kang awtomatikong mare-renew ang iyong subscription at, maliban kung kinansela mo ang iyong subscription, pinapahintulutan mo kaming singilin ang iyong paraan sa pagbabayad para sa tuntunin ng pag-renew. Ang panahon ng auto-renewal ay magiging pareho ng iyong naunang panahon ng subscription maliban kung ibinunyag ito sa iyo sa panahon ng pagbebenta. Ang rate ng renewal ay hindi hihigit sa rate bago ang panahon ng subscription, hindi kasama ang anumang pang-promo at may diskwentong presyo, maliban kung inabisuhan ka namin ng pagbabago ng rate bago ang iyong auto-renewal. Paminsan-minsan, maaari kaming mag-alok ng libreng panubok na subscription para sa Serbisyo ng Disney. Kung magrehehistro ka para sa libreng panubok na subscription, sisimulan naming singilin ang iyong account kapag nag-expire ang iyong libreng panubok na subscription, maliban kung kinansela mo ang iyong subscription bago ang panahong iyon.

## Ang Proseso ng Pag-order

Magkakaroon ka ng pagkakataong suriin at kumpirmahin ang iyong order, kasama ang address na paghahatiran (kung naaangkop), paraan ng pagbabayad at mga detalye ng produkto. Papadalhan ka namin ng abiso kapag natanggap namin ang iyong order at sandaling naipadala namin ang abiso, ituturing na kumpleto na at mahusay nang naipaalam sa iyo sa anumang paraan ang iyong order. Sa panahong iyon, gagawin ang kontrata para sa pagbebenta at magkakabisa ito sa atin pareho. Ang peligro ng pagkawala ng anumang mga produktong binili mo at ang pananagutang matiyak ay mapupunta sa iyo kapag naihatid ang mga nauugnay na produkto.

Inilalaan namin ang karapatang tanggihan o kanselahin ang anumang order bago ang paghahatid. Ang ilang sitwasyon na maaaring magresulta sa pagkakakansela ng iyong order ay kasama ang

mga error ng system o typographical error, pagiging hindi tumpak ng impormasyon ng produkto o presyo o availability ng produkto, pagiging patas sa mga customer kung saan limitado ang mga supply, o mga problemang natukoy ng aming mga departamento sa credit o panloloko. Maaari din kaming humiling ng karagdagang pagpapatunay o impormasyon bago kami tumanggap ng order. Makikipag-ugnayan kami sa iyo kung nakansela ang anumang bahagi ng iyong order o kung kinakailangan ng karagdagang impormasyon upang tanggapin ang iyong order. Kung nakansela ang iyong order pagkatapos naming maproseso ang iyong pagbabayad ngunit bago ang paghahatid, ire-refund namin ang iyong pagbabayad.

### Mga Pagbabayad at Pagsingil

Kapag nagbigay ka ng impormasyon sa pagbabayad, isinasaad mo at tinitiyak na tumpak ang impormasyon, na pinapahintulutan kang gamitin ang ibinigay na paraan ng pagbabayad, at aabisuhan mo kami sa mga pagbabagi sa impormasyon ng pagbabayad. Inilalaan namin ang karapatang gumamit ng mga serbisyo sa pag-update ng credit card ng third party upang makuha ang mga kasalukuyang expiration date sa mga credit card. Karapatan sa Pagkansela; Pagsasauli ng Mga Produkto

Kapag nag-subscribe ka sa Serbisyo ng Disney, may karapatan kang kanselahin ang iyong kontrata sa loob ng labing-apat (14) na araw pagkatapos mong makuha at tanggapin ang mga tuntuning ito at makakatanggap ka ng buong refund ng nabayaranang bayarin sa subscription. Para sa mga subscription na kalahating taon at taunang subscription, kung natanggap ang abiso ng pagkansela sa loob ng unang tatlumpong (30) araw kasunod ang unang araw ng panimulang pagsingil, makakatanggap ka ng refund ng binayaranang bayarin sa subscription. Kung ire-refund namin ang iyong bayarin sa subscription, oobligahin ka pa ring magbayad sa iba pang mga naipong singilin.

Kapag bumibili ka ng lisensya upang mag-access ng digital na nilalaman o mga virtual na item, bibigyan ka ng pagkakataong sumasang-ayon sa paghahatid sa panahon ng pagbili. Sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa paghahatid, kinikilala mo na nawala ang karapatan mong magkansela at hindi na mare-refund ang bayarin sa pagbili ng lisensya.

May karapatan ka, sa loob ng tatlumpong (30) araw mula sa petsa ng iyong pagtanggap ng mga pisikal na produkto, na kanselahin ang ating kontrata at ibalik ang mga produkto. Hindi nalalapat ang karapatang ito sa mga produktong isinaad namin sa Mga Serbisyo ng Disney na hindi naibabalik, kasama ang mga audio at video recording, computer software, at CD, DVD o iba pang pisikal na media na nabuksan na. Kung magsasauli ka ng mga produktong walang sira, maaari kang singilin para sa halaga ng pagbabalik ng produkto sa amin at maaari kaming magbawas ng makatwirang halaga kung ginamit mo ang mga produkto.

Kung nais mong magkansela, dapat mo itong gawin sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa pagkansela para sa partikular na Serbisyo ng Disney. Available [dito](#) ang isang sample na form sa pagkansela.

### Mga Personalized na Produkto



Pakitandaan na ang mga karapatan sa pagkansela at pagbabalik ay hindi nalalapat sa mga personalized na produkto. Ang mga pagkansela at pagbabago sa mga personalized na produkto ay hindi magagawa sa sandaling maisumite mo ang iyong order at hindi maibabalik ang mga personalized na item maliban kung may error sa paggawa o sira sa produkto. Inilalaan namin ang karapatang tanggihan ang mga personalized na order sa aming pagpapasya. Ang hindi naaangkop na paggamit ng aming serbisyo sa pag-personalize ay magdudulot na makansela ang iyong order at ma-refund ang anumang pagbabayad.

### Pagpepresyo; Mga Buwis

Maaari naming baguhin ang pagpepresyo ng mga produkto at serbisyo na iniaalok namin. Kung nagbabayad ka ng pana-panahong bayarin sa subscription, bibigyan ka namin ng makatuwirang abiso ng mga pagbabago sa mga paraan ng bayarin o singilin bago ang petsa ng pagkabisa ng mga ito at makakansela mo ang iyong subscription bago ang nasabing pagbabago. Kapag nag-order ka, tinatantya namin ang buwis at isinasama ang pagtatantyang iyon sa kabuuan para sa iyong kaginhawahan. Ang aktwal na halaga ng buwis na malalapat sa iyong order at masingil sa iyong paraan ng pagbabayad ay batay sa mga pagkalkula sa petsa ng pagpapadala, kailanman na italaga ang order.

### International na Pagpapadala; Customs

Kapag umo-order ng mga produkto para sa paghahatid sa mga bansa maliban sa bansa kung nasaan ang nagbebenta, maaaring kailangan mong magbayad ng mga bayarin sa pag-import at napataw na buwis. Ikaw dapat ang magbabayad ng mga ito at ng anumang karagdagang pagsingil para sa customs clearance. Para sa mga produktong naipadala nang international, pakitandaan maaaring walang bisa ang anumang warranty ng manufacturer; maaaring hindi available ang mga pagpipilian sa serbisyo ng manufacturer; ang mga manual, tagubilin at babala sa kaligtasan ay maaaring wala sa mga wika ng patutunguhang bansa; ang mga produkto at kasamang materyales ay maaaring hindi idinisenyo alinsunod sa mga pamantayan, detalye, at kinakailangan sa pag-label ng patutunguhang bansa; at maaaring hindi naaangkop ang mga produkto sa boltahe ng patutunguhang bansa (kinakailangan ang paggamit ng adapter o converter). Ikaw ang mananagot sa pagtiyak na legal na ma-import ang mga produkto sa patutunguhang bansa. Kapag umo-order sa amin, ang tagatanggap ang taga-import ng talaan at dapat sumunod sa lahat ng batas at regulasyon ng patutunguhang bansa.

## **5. Mga Kumpetisyon**

Maaaring magkaroon ng mga karagdagang panuntunan at kundisyon ang mga kumpetisyong sinasalihan mo sa Serbisyo ng Disney, ngunit mailalapat ang mga sumusunod na pangkalahatang panuntunan kung walang mga kasalungat na tuntunin sa anumang mga karagdagang panuntunan o kundisyon para sa kumpetisyon.

### Mga Entry

Ang iyong entry sa kumpetisyon ay Nilalamang Binuo ng User at napapailalim sa lahat ng probisyon ng mga tuntuning ito na namamahala sa iyong pagsusumite at sa aming paggamit sa

iyong Nilalamang Binuo ng User. Maaari naming idiskwalipika ang mga entry na huli, mali ang pagkakagawa, hindi kumpleto, nasira, nawala, hindi nababasa o hindi wasto o kung saan hindi nakapagbigay ng naaangkop na pahintulot ng magulang. Nililimitahan sa isa bawat tao ang mga entry sa kumpetisyon at hindi pinapahintulutan ang mga entry sa pamamagitan ng mga ahente o third party o ang paggamit ng maraming pagkakakilanlan. Ipinagbabawal ang paggamit ng mga automated na entry, boto o iba pang mga programa at madi-diskwalipika ang lahat ng ganoong entry (o mga boto).

Nakalaan sa amin ang karapatan upang baguhin, suspendihin, kanselahin o tapusin ang isang kumpetisyon o palawigin o ipagpatuloy ang panahon ng pagpasa ng entry o idiskwalipika ang sinumang kalahok o anumang entry anumang oras nang hindi nagbibigay ng paunang abiso. Gagawin namin ito kung hindi magagarantiyahan na maisasagawa nang patas o tama ang kumpetisyon para sa mga dahilang teknikal, legal o iba pa, o kung naghihinala kaming namanipula ng sinumang tao ang mga entry o resulta, nagbigay ng maling impormasyon, o kumilos nang walang etika. Kung kakanselahin o tatapusin namin ang isang kumpetisyon, maaaring igawad ang mga premyo sa anumang paraang itinuturing naming patas at naaangkop nang sumusunod sa mga lokal na batas na namamahala sa kumpetisyon.

### Pagiging Karapat-dapat

Upang makasali sa kumpetisyon, dapat ay nakarehistro kang user ng Mga Serbisyo ng Disney at may aktibong account na may current na impormasyon sa pakikipag-ugnay. Hindi kinakailangang bumili upang makasali sa kumpetisyon at hindi papataasin ng pagbili ang iyong mga pagkakataong manalo. Hindi bukas sa aming mga empleyado ang mga kumpetisyon (o sa kanilang malalapit na pamilya) o sa sinumang propesyunal na nauugnay sa kumpetisyon. Kung wala ka pang edad 18 (o ang age of majority sa ilalim ng naaangkop na batas) at bukas sa iyo ang kumpetisyon, maaaring kailanganin namin ang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga bago namin matatanggap ang iyong entry. Nakalaan sa amin ang karapatan upang humiling ng patunay ng pagkakakilanlan o upang ma-verify ang pagiging karapat-dapat mga kundisyon at potensyal na mananalong entry, at upang harapang igawad ang anumang premyo sa nanalo. Walang bisa ang mga kumpetisyon kung hindi pinapayagan o pinaghihigpitan ng batas. Maaaring hilinging sumagot ng pagsubok sa matematika upang maging karapat-dapat upang manalo ng premyo ang mga potensyal na mananalang residente sa mga hurisdiksyon kung saan nangangailangan ang mga kumpetisyon ng elemento ng kasanayan.

### Mga Premyo

Walang available na pera o mga kahaliling premyo, maliban sa nakalaan sa amin (o sa partidong nagbibigay ng premyo) ang karapatan upang palitan ng parehong premyo na katumbas o mas malaki ang halaga. Hindi maililipat o maibebenta ng mga nanalo ang mga premyo (maliban sa isang bata o iba pang miyembro ng pamilya). Ang ipinahayag lang na bilang ng mga premyo para sa kumpetisyon ang available upang mapanalunan at igagawad ang lahat ng premyo kung may natanggap na sapat na bilang ng mga karapat-dapat na entry at kinuha nang wasto ang mga premyo ayon sa petsang ibinigay na nauugnay sa kumpetisyon, pagkatapos nito walang pipiliing mga kahaliling nanalo o hindi igagawad ang mga premyong hindi nakuha. Maliban kung ibinunyag sa paglalarawan sa premyo bago ang entry, may pananagutan ang mga nanalo para sa

lahat ng halaga at gastos na nauugnay sa pagkuha ng premyo. Ang lahat ng buwis ay pananagutan lang ng bawat nanalo, bagamat nakalaan sa amin ang karapatan upang hindi ilapat ang mga naaangkop na buwis at susamang-ayon ang bawat nanalo upang kumpletuhin ang anumang mga kinakailangang form ng buwis.

Bahagi ng iyong pagtanggap sa premyo ang kasunduan upang makilahok sa makatwirang publisidad na may kaugnayan sa kumpetisyon at binibigyan kami ng karapatang walang kundisyon upang gamitin ang iyong pangalan, bayan o lungsod at estado, lalawigan o bansa, imahe, impormasyon at mga pahayag mo sa premyo tungkol sa kumpetisyon para sa mga layunin ng publisidad, advertising at pag-promote at upang sumunod sa naaangkop na batas at mga regulasyon, lahat ay walang karagdagang pahintulot o kabayaran. Bilang kundisyon ng pagtanggap ng premyo, maaaring kailanganin ng mga nanalo (o ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga) na lumagda at magbalik ng affidavit ng pagiging karapat-dapat, pagpapalabas ng pananagutan at pagpapalabas ng publisidad.

## **6. Mga Karagdagang Probisyon**

### Mga Patakaran sa Mga Pagsusumite at Hindi Hinihinging Ideya

Hindi kami pinapayagan ng aming matagal nang sinusunod na patakaran na tumanggap o magsaalang-alang ng mga hindi hinihinging malikhaing ideya, suhestiyon o materyal. Kaugnay ng kahit anong isinusumite mo sa amin – hinihingi man namin o hindi – sumasang-ayon ka na ang mga malikhaing ideya, suhestiyon o iba pang materyal na iyong isinusumite ay hindi ginagawa nang may kumpiyansa o tiwala at walang nilalayan o nalilikhang kumpidensyal o fiduciary na ugnayan sa pagitan mo at namin sa anumang paraan, at wala kang inaasahang pagsusuri, kabayaran o pagsasaalang-alang ng anumang uri.

### Mga Paghahabol sa Paglabag sa Copyright

Dapat ipadala ang mga notification ng hinahabol na paglabag sa copyright at counter notice sa aming itinalagang ahente:

TWDC Designated Agent  
The Walt Disney Company  
500 South Buena Vista Street  
Burbank, California 91521, USA  
Telepono: +1 818-560-1000  
Fax: +1 818-560-4299  
Email: [designated.agent@dig.twdc.com](mailto:designated.agent@dig.twdc.com)

Matatanggap lang namin ang mga abiso sa mga wika kung saan ginawa naming available ang mga tuntuning ito.

Tutugon kami nang ganap sa mga pahayag ng paglabag sa copyright na nagawa sa pamamagitan ng Mga Serbisyo ng Disney na naiulat sa aming Itinalagang Ahente sa Copyright, na kinikilala sa itaas, alinsunod sa U.S. Digital Millennium Copyright Act of 1998 (“DMCA”) o, kapag

naaangkop, sa iba pang mga batas. Para sa Mga Serbisyo ng Disney na nakabatay sa Estados Unidos, dapat kasama sa mga abisong ito ang mga kinakailangang impormasyong nakalatag sa DMCA at inilalarawan nang nakadetalye [rito](#).

### Hindi Mabagong Arbitrasyon at Waiver ng Class Action

Ikaw ay sumasang-ayon at ang Disney Interactive na i-arbitrate lahat ng dispute sa pagitan natin, maliban sa mga dispute na may kaugnayan sa pagpapatupad ng aming mga karapatang intelektwal. Ang dispute ay anumang hindi pagkakasundo, pagkilos o iba pang kontrobersiya sa pagitan mo at namin patungkol sa Mga Serbisyo ng Disney o sa mga tuntuning ito, ito man ay nasa kontrata, tort, warranty, batas o regulasyon, o iba pang legal o katumbas na batayan. Ikaw at ang Disney Interactive ay nagbibigay sa tagapamagitan ng eksklusibong awtoridad na lutasin ang anumang hindi pagkakasundo na nauugnay sa pagpapakahulugan, pagiging angkop o kakayahang maipatupad ng mga tuntuning ito o sa pagbuo sa kontratang ito, kabilang ang kakayahang maipamagitan ng anumang hindi pagkakasundo o anumang pahayag na ang lahat o anumang bahagi ng mga tuntuning ito ay walang bisa o maaaring mawalan ng bisa.

Sa kaganapan ng dispute, dapat kang magpadala o ang Disney Interactive sa iba pang partido ng notice of dispute, na isang nakasulat na pahayag na nagsasaad sa pangalan, address at impormasyon sa pakikipag-ugnay ng partidong nagbibigay ng notice, mga katotohanang naging dahilan ng hindi pagkakasundo, at ang hinihiling na pag-aayos. Dapat mong ipadala ang anumang notice of dispute sa Disney Interactive, 500 South Buena Vista Street, Burbank, California 91521, USA, Attention: Legal/Arbitration Notice. Ipadala namin sa iyo ang notice of dispute sa impormasyon ng pakikipag-ugnay na mayroon kami para sa iyo. Susubukan mo at ng Disney Interactive na lutasin ang isang dispute sa pamamagitan ng negosasyon na impormal sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa na naipadala ang notice of dispute. Pagkatapos ng animnapung (60) araw, masisimulan mo o namin ang arbitrasyon. Maaari mo ring litisin ang isang dispute sa small claims court kung natutugunan ng dispute ang mga kinakailangan upang dingin sa small claims court, ikaw man ay hindi pormal na nakipag-negosasyon muna o hindi.

Kung hindi mo nalutas at ng Disney Interactive ang isang dispute sa pamamagitan ng impormal na negosasyon o sa small claims court, eksklusibong isasagawa sa pamamagitan ng binding na arbitrasyon ang anumang pagsusumikap upang lutasin ang dispute. **ISINUSUKO MO ANG KARAPATAN UPANG LITISIN ANG ISANG DISPUTE SA HUKUMAN SA HARAPAN NG ISANG HUKOM O HURADO.** Sa halip, lulutasin ang lahat ng dispute sa harapan ng isang walang kinikilingang tagapamagitan na magiging pinal ang pasya maliban para sa may limitasyong karapatan ng pag-apela sa ilalim ng U.S. Federal Arbitration Act. Isasagawa ng American Arbitration Association (ang "AAA") ang arbitrasyon sa ilalim ng Commercial Arbitration Rules nito at ang Supplementary Procedures for Consumer Related Disputes nito. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [www.adr.org](http://www.adr.org) o, sa Estados Unidos, tumawag sa 800-778-7879. Maisasagawa ang arbitrasyon nang harap-harapan, sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga dokumento, sa pamamagitan ng telepono, o online. Maigagawad sa iyo ng tagapamagitan ang mga parehong bayad sa pinsala nang indibidwal gaya ng ginagawa ng isang hukuman, kabilang ang mga declaratory o injunctive relief, ngunit sa saklaw lang na kinakailangan upang matugunan ang iyong indibidwal na paghahabol.

Maliban kung makikita ng tagapamagitan na walang kabuluhan ang arbitrasyon o ginawa para sa improper na layunin, babayaran ng Disney Interactive ang lahat ng paghahain, ang AAA, at ang mga bayarin at gastusin ng tagapamagitan. Kung binigyan ka ng tagapamagitan ng paggawad na mas malaki kaysa sa halaga ng aming huling nasulat na alok ng pakikipag-ayos na ginawa bago pumili ng tagapamagitan (o kung wala kaming nagawang alok ng pakikipag-ayos na ginawa bago pumili ng tagapamagitan), ibibigay namin sa iyo ang halaga ng paggawad o US \$1,000, alinman ang mas malaki, at babayaran ang iyong abugado, kung mayroon man, ang halaga ng mga bayarin sa abugado, at ire-reimburse ang anumang mga gastusin (kabilang ang mga bayarin at gastos sa dalubhasang testigo) na resonable mong nakuha o ng iyong abugado para sa pagsisiyasat, paghahanda at pagpapatuloy sa iyong paghahabol sa arbitrasyon. Isinusuko namin ang anumang karapatan upang makakuha ng paggawad ng mga bayarin at gastusin ng abugado na may kaugnayan sa anumang may kabuluhang arbitrasyon sa pagitan mo at namin.

Kung residente ka ng Estados Unidos, gaganapin ang arbitrasyon sa anumang makatwirang lokasyon na malapit para sa iyo. Para sa mga residente sa labas ng Estados Unidos, sisimulan ang arbitrasyon sa borough ng Manhattan, New York, New York, Estados Unidos ng Amerika, at sumasang-ayon ka at ang Disney Interactive upang mapasailalim sa personal na hurisdiksyon ng mga federal na hukuman o hukuman ng estado na matatagpuan doon, upang maipatupad ang arbitrasyon, ipa-stay ang proceedings habang nakabinbin ang arbitrasyon, o magkumpirma, magbago, magtanggap o maglagay ng hatol sa paggawad na inilagay ng tagapamagitan.

**ISASAGAWA SA INDIBIDWAL NA BATAYAN ANG MGA PAGLILITIS UPANG MALUTAS ANG ISANG HINDI PAGKAKASUNDO SA ANUMANG FORUM.** Hindi mo mahihiling o ng Disney Interactive ang pagdinig sa isang dispute bilang class action, private attorney general action, o sa anumang iba pang paglilitis na kung saan kumikilos o nagmumungkahi upang kumilos sa kakayahan ng kinatawan ang alinmang partido. Hindi maisasama ang arbitrasyon o paglilitis sa isa pa nang wala ang paunang pahintulot ng lahat ng partido sa arbitrasyon o paglilitis. Kung nalamang ilegal o hindi maipapatupad ang waiver ng class action sa lahat o sa ilang bahagi ng dispute, ihihiwalay ang mga bahaging iyon at magpapatuloy sa hukuman ng batas, habang magpapatuloy sa arbitrasyon ang mga natitirang bahagi.

#### Pagpipilian sa Forum

Sumasang-ayon kang dapat ihain ang anumang pagkilos sa batas o sa equity na nagmumula sa o may kaugnayan sa mga tuntuning ito o sa Mga Serbisyo ng Disney, at may tamang mga pagdudulugan, sa mga hukuman ng estado o federal na hukuman lang na matatagpuan sa borough ng Manhattan, New York, New York, Estados Unidos ng Amerika at nagbigay ka ng pahintulot at syang nagpapasailalim ka sa personal na hurisdiksyon ng mga ganoong hukuman para sa mga layunin ng paglilitis sa ganoong pagkilos.

#### Pagpipilian sa Batas

Ang mga tuntuning ito ay pinamamahalaan ng at binibigyang-kahulugan alinsunod sa mga batas ng Estado ng New York at ng mga batas ng Estados Unidos, nang hindi nagbibigay ng anumang epekto sa mga prinsipyo ng conflict of law.

### Kakayahang Maihiwalay

Kung magiging hindi naaayon sa batas, walang bisa o hindi maipapatupad para sa anumang dahilan ang anumang probisyon, ituturing ang probisyong iyon na hiwalay mula sa mga tuntuning ito at hindi maapektuhan ang pagkakaroon ng bisa at kakayahang maipatupad ang anumang mga natitirang probisyon.

### Pananatili

Ang mga probisyon ng mga tuntuning ito, na ayon sa katangian ng mga ito ay dapat malagpasan ang pagwawakas sa mga tuntuning ito, ay dapat malagpasan ang mga ganoong pagwawakas.

### Waiver

Walang waiver namin ng anumang mga probisyon ng mga tuntuning ito ang dapat na ituring na karagdagan o pagpapatuloy na waiver ng ganoong probisyon o anumang iba pang probisyon, at hindi bahagi ng aming pagkabigo upang ipaglaban ang anumang karapatan o probisyon sa ilalim ng mga tuntuning ito ang waiver ng ganoong karapatan o probisyon.